Pangalan: ____________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Mga Uri ng Pangungusap Ayon sa Kayarian**

**PANUTO:** Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang bumubuo sa bawat kaisipan ng tambalang pangungusap?
   a. Talata b. Pang-angkop c. Pangatnig d. Simuno at panaguri
2. Ano ang bumubuo sa hugnayang pangungusap kung ang pag-uusapan ay ang katangian nito bilang kayarian ng pangungusap?
   a. Diwa b. Parirala c. Salita d. Sugnay
3. Ano ang dalawang uri ng sugnay?
   a. Sugnay na buo at hindi buo
   b. Sugnay na mahaba at maikli
   c. Sugnay na may simuno at panaguri
   d. Sugnay na makapag-iisa at hindi makapag-iisa
4. Alin ang halimbawa ng payak na pangungusap?
   a. Si Ate at si Kuya ay naglilinis ng bahay.
   b. Naglinis sina Ate at Kuya upang matuwa si Nanay.
   c. Si Ate ay nagwawalis habang si Kuya ay naglalampaso.
   d. Ang paglilinis ay mahalaga upang maging ligtas sa sakit.
5. Ano ang kaibahan ng pangungusap na nasa kayariang langkapan?
   a. Binubuo ito ng dalawang sugnay na di makapag-iisa.
   b. Binubuo ito ng dalawang parirala.
   c. Binubuo ito ng dalawa o higit pang kaisipan.
   d. Binubuo ito ng dalawang payak na paksa.
6. Ito ang maaaring ayos ng payak na pangungusap.
   i. payak ang simuno at payak ang panaguri (ps-pp)
   ii. payak ang simuno at tambalan ang panaguri (ps-tp)
   iii. tambalan ang simuno at payak ang panaguri (ts-pp)
   iv. sugnay na makapag-iisa at payak na panaguri (sm-pp)

   a. Kung ang i, ii, at iii ay tama at ang iv ay mali
   b. Kung ang ii, iii, at iv ay tama at ang i ay mali
   c. Kung ang iii at iv ay tama at ang i at ii ay mali
   d. Kung ang i at ii ay tama at ang iii at iv ay mali
7. Ito ang pangungusap na nasa kayariang tambalan.
   a. Ang prutas at gulay ay masustansiya.
   b. Ang prutas ay mayaman sa bitamina samantalang ang gulay ay sagana sa sustansiya.
   c. Ang pagkain ng prutas at gulay ay mahalaga upang ang katawan ay maging malusog.
   d. Kailangan ng katawan ang bitamina upang ang katawan ay maging masigla kaya't kumain ng masustansiya.

8. Ito ang maaaaring salin ng payak na pangungusap sa tambalan.

**Sina Ate at Kuya ay nag-eehersisyo at nagbibisikleta araw-araw.**

a. Sila ay nag-eehersisyo at nagbibisikleta araw-araw.
b. Nag-eehersisyo at nagbibisikleta sina Ate at Kuya araw-araw.
c. Si Kuya ay nag-eehersisyo habang si Ate ay nagbibisikleta araw-araw.
d. Upang lumakas, nag-eehersisyo at nagbibisikleta sina Ate at Kuya araw-araw.

9. Ito ang pagkakaiba ng langkapang pangungusap sa hugnayang pangungusap.

a. May pangatnig ang hugnayang pangungusap, samantalang ang langkapan ay wala.
b. May sugnay na hindi makapag-iisa ang hugnayang pangungusap, samantalang ang langkapan ay wala.
c. May isang buong kaisipan ang hugnayang pangungusap, samantalang dalawa o higit pa ang buong kaisipan ng langkapang pangungusap.
d. May dalawang buong kaisipan ang hugnayang pangungusap, samantalang higit sa dalawa ang kaisipan ng langkapang pangungusap.

10. Ito ang halimbawa ng langkapang pangungusap.

a. Upang umunlad ang bansa, tayong lahat ay magtulungan.
b. Dahil sa *climate change*, patuloy na nagbabago ang panahon.
c. Wastong pangangalaga ay kailangan, nang likas na yaman ay maprotektahan.
d. Maging maingat tayo sa paggamit ng likas na yaman upang mapangalagaan ito nang may magigisnan pang yaman ng kalikasan ang susunod na henerasyon.